# Ang Migranteng Manggagawang Pilipino sa Harap ng Salamin

Roli Talampas*

The migration of Filipinos was very much present and was in a state of constant growth. This paper focuses on the three periods of migration called "waves" from 1909 to the present.

The first wave, from 1909 to 1946 was triggered by the characterized stagnation of Philippine industry when the expected flow of foreign capitalism was not able to sustain the economy. The second wave was from 1946-1965, triggered this time by the economic slump that resulted from the Second World War. The third wave started from the mid-sixties up to the present. This period saw the migration of workers from the Philippines to the other countries apart from the United States which by this time had put greater restrictions in their immigration policies. Throughout this period, the lack of government policies for the protection of migrant workers had not been able to stop the Filipino migrant from leaving for better opportunities abroad. This paper explores the possible economic and social imperatives that provides the driving force behind the Philippine migration phenomena.

*Kasalukuyang nagtuturo sa Division of Social Sciences, College of Arts and Sciences, University of the Philippines, Manila

NOONG NAKARAANG LINGGO, MAY BAHID NG PANGHIHINAYANG at kalungkutan ibinalita ang patuloy na pagbagal ng pagdami ng mga Pilipinong naempleyo sa ibang bansa. Ito ang ulat ng Philippine News Agency:[1]

> **No. of OFWs reaches 755,684—POEA**
>
> MANILA (PNA)—The number of Overseas Filipino Workers (OFWs) deployed last year inched up slightly by 1.1 percent, according to the Philippine Overseas Employment Administration (POEA).
>
> Data released by the POEA showed that total overseas placements in 1998 reached 755,684 compared to the 746,696 workers deployed in 1997.
>
> Of this total, deployed land-based workers numbered 562,384 managed (sic) to expand by 0.6 percent while sea-based workers grew significantly by 2.5 percent to 193,300.
>
> Although the country continued to rely on overseas opportunities to provide employment for its labor force, the growth in the number of OFWs considerably slowed down from, their double-digit levels in 1991 and 1992.
>
> The number of OFWs contracted by 9.1 percent in 1995 grew only slightly by 0.9 percent to 660,122 in 1996.
>
> This could be attributed to the decline in land-based OFWs by 13.6 percent to 565,226 in 1995 and by 0.8 percent to 484,653 in 1996.
>
> In contrast, sea-based employment of OFWs continued to expand by 7.1 percent to 165,401 and 175,469 respectively, during the same years.
>
> On the other hand, deployment of newly-hired OFWs increased from 221,241 in 1997 to 223,242 last year, although deployment of these workers was a clear downtrend from the 1992 level of 260,594 to 205,791 in 1996.
>
> In terms of skills category, there has been a shift away from more stable and protected high-paying jobs (professional and managerial positions) to the less stable service and production jobs.

### NAETSEPUWERANG MANGGAGAWA SA KASAYSAYAN NG BAYAN

Ganito man, nito na lamang huling sangkapat ng siglo sumingit sa aktibong kasaysayan ng Pilipinas ang usapin ng migranteng

Pilipino bilang bahagi ng pambansang patakaran hindi lamang sa empleyo kundi rin sa kaunlaran, bagay na hindi gaanong nagtatangi sa Pilipinas sa mga bansang tumahak ng landas matapos ang kolonyalismo.

Gayunman, ni hindi rin nababanggit ang migranteng manggagawa sa mga pormal na kurso ng kilusang manggagawa tulad ng *GTU*[2]. Hindi nababanggit ng mga karaniwang aklat[3] sa kasaysayan ng Pilipinas ang penomenon ng migrasyon ng Pilipino. Maging sa mga huli at partikular na publikasyon ukol sa mga manggagawa sa panahon ng pamamahalang Amerikano, walang pag-uugnay na nagawa sa migranteng manggagawa kahit pa man kitang-kita ang implikasyon nito sa usaping kolonyal.

Kaya't naging marapat na bigyan ng espesyal na pansin ang migrasyon ng mga Pilipino bilang bahagi ng pag-aalis ng suhay ng naigupong diktaduryal na rehimen. Ating balik-aralan ang mga pangyayari sa kasaysayan ng migranteng manggagawa upang kunan ng aral Ganito ang ilang naging saligang aral.

## Tatlong Alon?

Karaniwang hinahati sa tatlong yugto ang pangingibang-bansa ng mga Pilipino para magtrabaho. Sa unang dalawang yugto, Amerika ang destinasyon ng mga Pilipino at lantad sa patakarang bukas-sara ng Amerika ang imigrasyon naganap. Sa anyo ng "tulak at kabig" ang karaniwang pagpapaliwanag kung bakit patuloy na umaalis ang mga Pilipino para magtrabaho sa ibang bansa: tulak ng kahirapan at hila ng pagtupad ng pangarap sa mga bukas na oportunidad.

### *Unang Alon: 1900-1946*

Habang nabuo ang kilusang paggawa sa Pilipinas sa panahong ito at nagkakamit ng malalaking tagumpay tungo sa pagmumulat sa mamamayan para sa ganap na kasarinlan, nahikayat naman ang mga Pilipinong tumungo sa Amerika sanhi ng kolonyal na patakarang pang-ekonomiya na bumansot sa industriyang Pilipino dahil sa kawalan ng kapital na inasahang dadaloy tungo rito. Partikular na pinangambahan ang pagpasok ng malaking bilang ng marinong Pilipino sanhi

ng pagsaklaw ng batas sa cabotaje ng Amerika ang pagbabarkong Filipino.

Sa simula, umabot lamang sa 200-300 ang Pilipinong nagtungo sa Amerika, pero nang mangailangan ng mga obrero sa taniman ng piña sa Hawaii, lumobo ito sa 110,000 mula 1909-1934.

Sa loob ng Amerika sa panahong ito, pangunahing pangamba ng mga unyon at magbubukid na Amerikano ang pagbaha ng murang produktong agrikultural at lakas paggawa mula sa Pilipinas. Galit nga raw diumano ang mga "imperyalista," wika ng mga grupong pulitikal na Amerikano, subalit galit sa manggagawang Amerikano sanhi ng patakarang kolonyal.[5]

May ilegal na pagrerekruta na rin sa panahong ito sanhi ng kawalan ng pormal na mekanismo. Maging si Ferdinand Marcos ay umaming naging bahagi ng pagrerekruta ng mga obrerong Ilokano ang kanyang ama. Dito unang nakialam ang *Bureau of Labor,* sa pamamagitan ng *Emigrant Laborers To Foreign Countries Section.* Walang itinakdang minimum na sahod para sa mga manggagawa. Makikita nating sa tindi ng tinamong hirap ng mga Pilipino sa panahong ito, maraming pagkilos ang naganap sa Hawaii (na nagbunga ng tinawag na Hanapepe massacre ng mga Pilipino noong 1924) hanggang sa *mainland.* Sa huli napabantog ang mga akda ni Carlos Bulosan, lalu't higit ang kanyang nobelang *Nasa Puso ang Amerika.* Tigmak ng dugong Pilipino ang landas na tinahak na ito—mula Reedley, hanggang sa Imperial Valley, Stockton, Sun Valley, Oregon, Yakima Valley at maging sa bantog ngayong Silicon Valley.

### *IKALAWANG ALON: 1946-1965*

May malaking kinalaman ang Digmaan Pandaigdig sa bilang ng Pilipinong nakapasok sa Amerika sa panahong ito. Ayon sa estadistika, may 34,711 ang Pilipinong dagdag na nagtrabaho sa mga hotel, restoran, taniman at mga pagawaan. Lahat-lahat may 250,000 Pilipino sa Amerika sa katapusan ng yugtong ito. Mapapansing dumami ang kababaihang nakaabot sa Amerika sa panahong ito sanhi ng pagbibigay ng pribelehiyong dalhin ang mga asawa ng beteranong sundalong Pilipino bilang bahagi ng *War Brides Act.* Natupad na rin ang pangambang dadami ang

marinong Pilipino sa barkong Amerikano dahil sa pagdami ng naturang barko matapos ang digmaan. Humikayat din ito ng malaking bilang ng mga empleyadong sibilyan at pangkonstruksyon sa mga teritoryong hawak ng Amerika. Lumaon, inirehistro o ibinenta o ipinamigay na lamang sa ibang bansa ang mga surplus na barkong Amerikano para makaiwas sa pagtupad sa batas ukol sa minimum na kalagayan sa paggawa.

Sa kalakhan, nakibaka ang mga migranteng Pilipino sa Amerika para sa pantay na sahod at sa Guam naman noong 1954, hiningi ang mga obrerong magkaroon ng *minimum wage.*

### *Ikatlong Alon: 1965-Kasalukuyan*

Sa pagsasara pagiging mapili ng pinto ng imigrasyon sa Amerika, kakaunting bilang ng mga propesyonal na lamang ang tumuloy sa Amerika at lumaki naman ang mga nagtungo sa ibang bansa.

Ang pinakamalaking karagdagan hindi lamang sa panahong ito kundi buong siglo na rin ay bunga ng pagtungo ng mga Pilipino sa Middle East (ME), Europa, at ibang destinasyong hindi tulad ng mga unang alon. Makikitang ang malaking bilang din nang mga umalis patungong Middle East ay nagtrabaho sa mga dayuhang contractor o sangay ng kompanya, halimbawa, sa Saudi Arabia. Naharap naman ang mga migranteng manggagawa sa kakaibang kultura at wika, karaniwang dahilan sa maraming kilos sa mga bansa sa Middle East.

Ang malaking bahagi ng panahong ito na sumasaklaw sa pinakamalaking bilang ay napaloob sa isang pandaigdigang kilusan ng migranteng manggagawa na may pagmamalasakit sa mga nagaganap sa Pilipinas, partikular sa panahon ng rehimeng Marcos. Kaya't makikitang kahit may lamang ekonomiko ang mga kahilingan ng mga organisadong samahan, mababanaagan ang malinaw na agendang pulitikal sa mga ito, partikular sa paghihiwalay sa rehimen sa pangunahing pinagkukunan nito ng kitang dolyar at buwis.

Higit na naging malikhain sa pagkilos at pagdidikit sa usaping pambansa ang mga Pilipino, partikular sa ME, sa Europa, sa Australia, samantalang naharap sa ilang mabibigat na katanungan

naman ang nasa Amerika tulad ng kung saang pakikibaka iuugnay ang kanilang pagkilos—sa Amerika ba o sa Pilipinas.

Tampok sa yugtong ito ang pagsigla ng kilusang marino na may malinaw na *agenda* para sa pagbabago sa Pilipinas na tumutugon sa saligang usapin ng pambansang industriyalisasyon at pangkalahatang pambansang kaunlaran.

Ang isang mahalagang pangyayari naman ay ang pagbubuo ng mga suportang grupo dito sa Pilipinas na siyang naging daluyan ng hinaing at impormasyon mula sa labas ng bansa. Nabuo din ang mga rehiyonal na sentrong migrante na nagdala ng tungkuling pakikipagkapatiran sa iba't ibang grupong migrante, etniko, pulitikal, diplomatiko, atbp.

Dagdag pa, nakipagsapalaran din sa labanang elektoral ang mga grupong migrante upang maging bahagi ng pambansang diskurso. Kailangang pansinin din ang higit na paglahok ng kababaihan sa naturang usapin.

**SA HARAP NG KRISIS**

Sinasabi ng gobyernong natural ang exodus ng manggagawang Pilipino[6]. Dagdag pa, ang exodus diumano ang solusyon sa pambansang krisis.[7] At ang responsibilidad ng gobyerno ay *"management of migration"*[8] na lamang. Labis na simplipikasyon ito ng usapin ng migranteng manggagawa.[9]

Pinakikilos ng puhunan ang paggawa ayon sa ispesipikong pangangailangan nito, bagay na nagbibigay ng makilos na katangian sa iba't ibang kategorya ng lakas-paggawa. Kadalasan, makikita nating kung saan may kailangang dagdag na bisig para sa produksiyon ng kalakal, parang tubig na dumadaloy tungo rito ang laksa-laksang manggagawa tugis ang anumang kabayaran para sa kontribusyon nito.

Ang pagiging makilos ng paggawa sa yugto ng higit na makilos na puhunan ang siyang nagbubunsod at nagpapakulay sa lokal at pandaigdigang migrasyon. Nabanggit ko na rin sa isang panayam ukol sa nagbabagong relasyon sa paggawa noong Setyembre 1998 na sa kasalukuyang panahon, sanhi ng kahirapan (ibig sabihin, mababang sahod, mataas na presyo ng bilihin at serbisyo, atbp.), disempleyo, at mga institusyonal na kahinaang

gawan ng paraan ang lumalalang kalagayan sa paggawa ang tinawag kong internasyonalisasyon ng paggawa. Kaiba ang taguring internasyonalisasyon ng paggawa sa karaniwang migrasyon dahil na rin sa mas huling pangyayaring kinakikitaan ng pangangayunpapa ng kapangyarihan ng estado sa harap ng puwersa ng pandaigdigang pamilihan sa paggawa (tingnan ang Talampas 1998).[10] Nagmimistulang tagaproseso na lamang ang ahensya ng gobyerno ng mga papeles ng sinumang ibig kumita sa labas ng bansa, at anumang pagtatangkang bigyang-proteksiyon ng manggagawa nito sa ibang bansa ay nagmimistulang panlilimos ng awa para sa karaniwan na'y sentensiyadong *domestic helper* o marino.

Nagbibigay ito ng ilang idea ukol sa karagdagang katanungan sa usapin ng migranteng manggagawa. Sa dami ng may kaugnayan ngayon sa Pilipino sa labas ng bansa, inaanyayahan ko kayong makibahagi sa paghahanap ng kasagutan.

**Mga Tala**

1 Lily C. Diomampo, PNA. Marso 10,1999. Makikita sa http://www.balita.org

2 Tingnan ang GTU na inilabas at ipinatutupad ng Ecumenical Institute for Labor Education and Research. O maging ang sanaysay ni Jose Ma. Sison, "The Philippine Labor Movement" sa *Struggle for National Democracy* na siyang malaking basehan ng GTU.

3 Halimbawa ang Renato Constantino. *The Philippines: A Past Revisited* at Teodoro Agoncillo. *History of the Filipino People*, o maging ang mga aklat na sinulat ni Gregorio Zaide.

4 Halimbawa ang Vivencio R. Jose, "Workers' Response to Early American Rule, 1900-1935," *Philippine Social Sciences ang Humanities Review* 15: 1-4 (Enero-Disyembre 1981), 281-311 at Melinda Tria Kerkvliet, *Manila Workers' Union, 1900-1950*, Quezon City: New Day, 1992.

5 Tingnan ang James C. Scott, *Yankee Unions, Go Home: How the AFL Helped the U.S. Build an Empire in Latin America*, Vancouver: New Star Books, 1978, partikular ang chapter 12 "The Philippines: Colony to Neo-colony," pp.133-150

6 Ganito ang sinabi sa "The Overseas Labor Market," *Philippine Labor Review* 19:2 (Hulyo-Disyembre 1995), 88-107, laluna ang p.94.

[7] Maalaala ang ganito sa ibig sabihin ng lektura ni Patricia Sto. Tomas, dating administrador ng POEA, sa Asian Center noong 1983(?).

[8] Tingnan ang web page ng POEA sa http://www.poea.org

[9] Pansinin ang mga kongklusyon nina Edita Tan at Dante Canlas, "Migrants' Saving Remittance and Labour Supply Behavior: The Philippine Case" sa Rashid Amjad, patnugot, *To the Gulf and Back: Studies in Economic Impact of Asian Labour Migration.* New Delhi: ILO, 1989, pp.223-253.

[10] May "dobleng kalikasan" ang migrasyon sa yugto ng huling kapitalismo, wika ni G. Carchedi: "foreign labour power cannot be dispensed with any more, but the workers selling labour power must be subjected to rotation, and to very high rates of rotation indeed." Iba ang kapalaran ng manggagawa sa ganitong kalagayan. "It is the conjunctural vicissitudes of the centre and not those of the periphery which determine the size and composition of the foreign part of European working class." G. Carchedi, *Problems in Class Analysis: Production, Knowledge and the Function of Class,* London: Routledge: 1983, pp. 190-191.

## ILANG PILING SANGGUNIAN

Battistella, Graziano at Maruja M.B. Asis. *The Crisis and Migration in Asia.* Quezon City: Scalibrini Migration Center, 1999.

Catholic Institute for International Relations. *The Labor Trade: Filipino Migrant Workers Around the World.* London at Maynila (sa pakikipagtulungan ng Kaibigan, Inc.), 1986.

Talampas, Rolando. "The Internationalization of Filipino Maritime Labour." Papel na binasa sa panel na "Changing Labour Relations" sa European Southeast Asian Studies (EUROSEAS) 1998 Conference, Unibersidad ng Hamburg, Germany, Setyembre 2-6, 1998.

______________. "Tulak at Kabig: Bakit may Manggagawa at Propesyonal sa Ibayong-Dagat." *Pinoy Overseas Chronicle* 1:8 (Setyembre 1983), 4-5.

______________. "The Anti-Colonial Seafarer's Struggle". Papel na binasa sa Manila Studies Lectures. Manila Studies Association/NCCA, Maynila. 1997.